

Filipino

Tagalog



*Karapatan mo ang maging ligtas
at malaya mula sa karahasan
at pang-aabuso*

Ang **24/7** na sentrong tumutugon sa
karahasan sa tahanan sa buong estado
sa pamamagitan ng paghadlang dito,
pagbibigay ng suporta at pagtatanggol

Para sa suporta at impormasyong kompidensiyal,
tumelepono sa toll free na

1800 015 188



Ano ang karahasan sa pamilya?

- Abusong pisikal o sekswal
- Abuso sa damdamin o isip
- Abuso sa kabuhayan gaya ng hindi pagbibigay ng pera o mga yaman ng pamilya
- Pagbabanta o pamimilit
- Inilalayo ka sa iyong pamilya at mga kaibigan
- Sinasaktan ang mga bagay na mahal mo tulad ng mga paboritong hayop, at personal mong mga gamit
- Kinikontrol o dinodominahan ka kaya natatakot ka para sa iyong kaligtasan o kapakanan ng ibang tao
- Nakakarinig, nakakasaksi, o kaya ay nasasabak ang iyong anak sa mga epekto ng karahasan

*“Lahat ay may karapatang
mabuhay nang ligtas
sakarahasan, takot
at panggigipit”*



Karahasan sa Pamilya:

- Ay kadalasang ginagawa ng kalalakihan sa kababaihan, mga bata at iba pang mahihinang tao
- Maaaring mangyari kaninuman
- Naaapektuhan ang mga bata at ang kanilang kalusugang pisikal, isip at damdamin
- Naaapektuhan ang buong komunidad saan man ito, anuman ang lagay ng kabuhayan dito at kalusugan, edad, kultura, kasarian, kakayahan, lahi o relihiyon
- Higit na nakasasama sa kalusugan ng kababaihang nasa edad 15-45 kaysa sa ibang mas kilalang panganib



Ang mga hakbang na ligtas ay makakatulong sa iyo:

- Upang magpasya para sa mas ligtas na kinabukasan
- Sa matitirhan o kanlungan sa oras ng emerhensiya
- Sa paghahanap ng bago at ligtas na matitirhan
- Sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, matatanggap at pagpipilian
- Upang iwan ang iyong tahanan (kahit pansamantala lang) hanggang mapanagot ang nag-aabuso
- Upang manatiling ligtas sa sarili mong tahanan, kasama ng iyong mga anak, habang ang nag-aabuso ay pinag-uutos ng batas na lumisan
- Sa pamamagitan ng adbokasiya kasama ang ilang sumusuportang serbisyo, pulisya at hustisiya sa krimen
- Sa pag-uugnay sa iyo sa mga lokal na tagasuportang ahensiya sa buong estado
- Upang bigyan ng suporta at impormasyon sa telepono ang mga walang kasalanang miyembro ng pamilya at kaibigan

"Napakahalaga ng pagtawag sa telepono lalo't ang nakikinig sa 'yo ay kapwa-babae... pakiramdaman mo ay may umuunawa sa 'yo, may tumutulong at hindi ka nag-iisa."





Ang mga serbisyo namin:

- Nagbibigay kami ng tulong at payo sa telepono 24/7 tungkol sa mga karahasan sa pamilya
- Sinusuri namin ang mga kuwento at karanasang maaaring magdulot ng panganib
- Nagbibigay ng matutuluyan kapag may emerhensiya
- Nagpaplano ng mga hakbang para sa kaligtasan
- Suporta
- Impormasyon
- Pagtatanggol
- Pagsasangguni

Ang mga pangkarahasan sa pamilyang kawani ay mga babaing sinanay nang propesyonal na sumusuporta sa kababaihan

**Para sa karagdagang
impormasyon, bumisita sa
safesteps.org.au**

**Para sa suporta at impormasyong kompidensiyal,
tumelepono sa toll free na**

1800 015 188